## Paunang Salita

Binuo ang Scholars for Peace noong kalagitnaan ng 2023 ng isang grupo ng mga akademikong nababahala sa kawalan ng pag-usad sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Nagmumula sa iba't ibang perspektiba ang mga kasapi ng Scholars for Peace dahil nanggagaling sila sa iba't ibang disiplina at institusyon na kinabibilangan. Gayumpaman, pinagbubuklod sila ng iisang layunin: Ang maitaguyod sa larangan ng akademikong pananaliksik at pakikibahagi sa pampublikong diskurso ang kapayapaang nakabatay sa panlipunang katarungan.

Sa pananaw ng Scholars for Peace, isang mainam na lunan para makamit ang ganitong layunin ang paglilimbag ng mga akademikong akda. Ito ang diwa sa likod ng natatanging isyung ito ng *BISIG*. Lubos na nagpapasalamat ang Scholars for Peace sa mga bumubuo ng patnugutan ng *BISIG* at Polytechnic University of the Philippines sa pagbibigay ng espasyo para sa proyektong ito. Paraan ito para maipakita sa mas marami pang Pilipino ang mayabong at malawak na talastasan sa araling pangkapayapaan o *peace studies*.

Isang mahalagang prinsipyo ng araling pangkapayapaan ang palagiang pagsisiyasat sa ugat ng armadong tunggalian. Dito matutukoy na marami sa mga rebeldeng grupo, gaya na lang ng Communist Party of the Philippines (CPP) at New People's Army, ay hindi mga terorista, gaya ng gustong palabasin ng kanilang mga kaaway, kundi mga rebolusyonaryong may lehitimong ideyolohiya. Nakaaambag sa ganitong paglilinaw ang artikulong "Praxis ng rebeldeng pamamahala ng Kilusang Pambansa-Demokratiko at Posibilidad ng Muling Pagbubukas ng Usapang Pangkapayapaan" ni Angelo Vince S. Marfil.

Gayundin, hindi maaaring suriin ang usapang pangkapayapaan ng GRP-NDFP nang hiwalay sa iba pang mahahalagang lokal at pandaigdigang isyu. Halimbawa, matagal nang paninindigan ng NDFP ang paggigiit ng pambansang soberanya at pagputol sa mga makaisang-panig na imposisyon ng mga imperyalistang pwersa sa ating bansa, gaya ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) sa pagitan ng Pilipinas at ng Estados Unidos. Nasapol nina Gary F. Musa at Ana Dominique G. Santos, sa kanilang artikulong "EDCA as the Geopolitics of Imperialist Crises and its Threat to Peace in the Philippines," ang pagiging malaking hadlang ng imperyalistang agresyon sa pagkamit ng tunay na kapayapaan.

Noong Nobyembre 2023, inilabas ng GRP at NDFP ang Oslo Joint Statement, isang dokumentong hudyat na handa na ang dalawang panig na sumalang muli sa pormal na usapang pangkapayapaan. Isang malaking hakbang ito para lumakas ang panawagan ng suporta para sa prosesong ito mula sa iba't ibang sektor ng lipunan. Sa komentaryong "A Just and Sustainable Peace in the Philippines" ni Dr. Sol Iglesias, tinalakay niya ang pormal na paglulunsad ng Council of Leaders for Peace Initiatives, isang multisektoral na konseho ng mga prominenteng indibidwal na sumusuporta sa usapang pangkapayapaan ng GRP-NDFP, pati na rin ang mga posibleng banta na nagmumula sa "dirty war tactics" ng programang kontra-insurhensya ng pamahalaan.

Laman din ng natatanging isyung ito ang rebyu ni Dr. Mary Grace Concepcion ng librong *The Singing Detainee and the Librarian with One Book: Essays on Exile* ni Michael Beltran at inilimbag ng Ateneo de Manila University Press noong 2023. Inilarawan ni Beltran sa libro ang pang-araw-araw na buhay ng mag-asawang Jose Maria Sison at Julieta de Lima, dalawang prominenteng opisyal ng NDFP, na ilang dekada nang nakadestiyero sa Utrecht, the Netherlands. Noong Disyembre 2022, pumanaw na si Sison, tagapagtatag ng CPP noong 1968. Kung gayon, isang silip ang libro ni Beltran sa mga huling taon ni Sison at pagmumuni-muni sa mas personal na bahagi ng buhay ng isang rebolusyonaryong

pinaratangang terorista. Mapalad rin ang Scholars for Peace na nagpaunlak si Beltran na isama sa natatanging isyung ito ang ilan sa mga litratong bahagi ng kanyang pananaliksik para sa nasabing libro.

Isang malaking ambag sa natatanging isyung ito ang pagpapaunlak sa panayam ni Rey Claro Casambre, isang peace consultant na kalahok sa usapang pangkapayapaan ng GRP-NDFP. Sa panayam na ito, nakapagbahagi si Casambre ng kanyang mga personal na kuru-kuro hinggil sa takbo ng mga negosasyon at sa mga maaaring maging kontribusyon ng akademya para sa pagtataguyod ng pangmatagalang kapayapaan.

Bilang mga guro, nakikita namin sa Scholars for Peace ang natatanging isyung ito bilang isang munting ambag sa mithiin ng marami para sa isang matiwasay at progresibong Pilipinas. Inihahain namin ang mga sulatin dito bilang alternatibo sa militaristang diskarte ng ilang opisyal ng gobyerno, lalo na sa pamamagitan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), laban sa insurhensya, na humahantong sa pag-igting ng kawalang kapayapaan. Kung estratehiya ng NTF-ELCAC ang paggamit ng red-tagging at paglabag sa karapatang pantao para lasunin ang pampublikong diskurso, estratehiya ng Scholars for Peace ang pagbubuo ng mayabong na talastasan na nakaangkla sa pagtugon sa mga ugat ng armadong tunggalian.

**Michael D. Pante, PhD**
**Panauhing Punong Editor**